

Pansamantalang Pamamahinga

Mga Code ng Serbisyo ng NFOCUS

Pansamantalang Pangangalaga 7395

Pansamantalang TBI 3471

Pansamantalang Pangangalaga sa Loob ng Tahanan 1113

Pansamantalang Pangangalaga sa Loob ng Tahanan ng TBI 6688

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang pansamantalang pamamahinga ay isang serbisyo para sa mga matatanda at mga bata na nakatanggap ng HCBS Waiver para sa Matanda at Nasa hustong gulang at Mga Batang may Kapansanan o AD at ang Traumatic Brain Injury (TBI) Waiver. Nagbibigay ito ng pansamantalang pangangalaga upang palitan ang karaniwang tagapag-alaga mula sa tuloy-tuloy na suporta at mga responsibilidad sa pangangalaga. Ang serbisyo ng pansamantalang pamamahinga ay pinapayagan alinman sa loob o labas ng tahanan ng kalahok.

- A. Ang Pansamantalang pamamahinga na Pangangalaga o Pansamantalang pamamahinga na TBI ay ibinibigay sa isang lugar na aprubado o lisensyado ng Nebraska Department of Health and Human Services (DHHS), tulad ng pribadong tirahan ng isang tagapagbigay ng serbisyo ng pansamantalang pamamahinga, isang lisensyadong pasilidad ng tinutulungang pamumuhay, isang lisensyadong pasilidad ng pansamantalang pamamahinga, o iba pagkakatakda sa komunidad. Hindi ito ibinibigay sa bahay ng kalahok. Kung ibinibigay ng isang ospital o ibang pasilidad, ang kalahok ay hindi itinuturing na residente ng pasilidad.
- B. Pansamantalang Pangangalaga sa Loob ng Tahanan o Pansamantalang Pangangalaga sa Loob ng Tahanan ng TBI ay ibinibigay ito sa isang lugar na aprubado o lisensyado ng Nebraska Department of Health and Human Services (DHHS), tulad ng pribadong tirahan ng isang tagapagbigay ng serbisyo ng pansamantalang pamamahinga, isang lisensyadong pasilidad ng tinutulungang pamumuhay, isang lisensyadong pasilidad ng pansamantalang pamamahinga, o iba pang pagkakatakda sa komunidad.

Ang mga bahagi ng pansamantalang pamamahinga (lahat ng codes ng serbisyo) ay kinabibilangan ng pangangasiwa, mga gawain na nauugnay sa pisikal na pangangailangan ng indibidwal, mga gawain na nauugnay sa pang-emosyonal na pangangailangan ng indibidwal, at mga sosyal o rekreasyong aktibidad.

Mga Kondisyon ng Pagbibigay

- A. Ang pangangailangan para sa pansamantalang pamamahinga ay kailangang matukoy sa panahon ng pagsusuri ng kalahok at isama sa plano na nakasentro sa tao o person-centered plan (PCP).
- B. Kapag natukoy ang pangangailangan para sa pansamantalang pamamahinga, ang halaga na pinahintulutan ay nakabatay sa pagsusuri ng ilang mga salik tulad ng pagkakaroon ng impormal na suporta, potensyal para sa pang-aabuso/pagpapabaya, at katayuan sa kalusugan ng tagapag-alaga.
- C. Ang saklaw ng Waiver para sa pansamantalang pamamahinga ay limitado ng isang taunang pinakamataas na bilang ng mga araw o oras, na itinalaga ng DHHS.
 1. Hindi hihigit sa 360 oras o 60 araw para sa lahat ng pansamantalang pamamahinga at Pansamantalang Pangangalaga sa Loob ng Tahanan ang maaaring pinahintulutan sa loob ng taunang panahon ng pagiging karapat-dapat ng kalahok.
 2. Ang isang araw ay katumbas ng anim o higit pang oras ng pangangalaga sa isang pagkakataon.
- D. Ang pansamantalang pamamahinga ay maaaring pinahintulutan para sa isa o higit pang mga sumusunod na sitwasyon:
 1. Isang emerhensiya o krisis ang lumilitaw na kung saan:
 - a. Nangangailangan ng pagliban ng karaniwang tagapag-alaga; o
 - b. Nagdudulot ng hindi pangkaraniwang kaigtingan sa karaniwang tagapag-alaga.
 2. Ang karaniwang tagapag-alaga ay nangangailangan ng mga serbisyong pangkalusugan kabilang na, ngunit hindi limitado sa, pangangalaga sa ngipin, mga appointment sa doktor, ospitalisasyon, o pansamantalang kawalan ng kakayahan ng tagapag-alaga.
 3. Ang karaniwang tagapag-alaga ay nangangailangan ng pahinga para sa mga regular at nakatakdang personal na aktibidad kabilang na, ngunit hindi limitado sa, oras para mag-aral, mga serbisyong relihiyoso, pamimili ng mga pangangailangan, o mga pulong ng samahan.
 4. Ang karaniwang tagapag-alaga ay nangangailangan ng mga hindi regular na oras ng "time out" para sa pahinga at pagrerelaks.

5. Karaniwang bakasyon ng tagapag-alaga.
- E. Ang pansamantalang pamamahinga ay hindi ginagamit upang payagan ang karaniwang tagapag-alaga na tumanggap o mapanatili ang trabaho o magpatuloy sa isang kurso ng pag-aaral na nilayon upang ihanda ang tagapag-alaga para sa bayad na trabaho o propesyonal na pagsulong.
- F. Ang kalahok ay hindi dapat iwanang mag-isa sa panahon ng mga serbisyo ng Pansamantalang pamamahinga.
- G. Ang mga pagkain o meryenda ay ibinibigay ng tagapagbigay ng pagkain sa angkop na mga oras upang matugunan ang mga pangangailangang pandiyeta ng mga kalahok.
- H. Hindi maaaring hilingin ng Federal Financial Participation ang para sa kwarto at pagkain sa pansamantalang pamamahinga sa Loob ng Tahanan.
- I. Ang isang kalahok ay hindi maaaring pahintulutan na tumanggap ng serbisyong ito sa mga panahon na tumatapat sa Serbisyong Kasama, Pangkalusugan sa Araw ng nasa Hustong Gulang, Pangangalaga sa Sarili, Karagdagang Pangangalaga para sa mga Bata na may Kapansanan, o Mga Serbisyong Hindi Pang-Medikal na Transportasyon.
- J. Ang mga serbisyo sa ilalim ng AD at TBI waivers ay limitado sa mga karagdagang serbisyo na hindi sakop ng Medicaid state plan, kabilang ang EPSDT, ngunit alinsunod sa mga layunin ng waiver na maiwasan ang institusyonalisasyon.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Sangay ng Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang mga serbisyo ng pansamantalang pamamahinga ay maaaring ibigay ng isang indibidwal o ahensya.
- C. Ang bawat ahensya na tagapagbigay ay dapat:
 1. Mag-empleyo ng mga tauhan batay sa kanilang mga kwalipikasyon, karanasan, at napatunayang kakayahan;
 2. Magbigay ng pagsasanay upang matiyak na ang mga kawani ay kwalipikado na magbigay ng kinakailangang antas ng pangangalaga;
 3. Sumang-ayon na ibigay ang mga plano sa pagsasanay sa DHHS; at
 4. Tiyakin ang sapat na availability at kalidad ng serbisyo.
- D. Ang mga tagapagbigay ng TBI Waiver ay kinakailangang makumpleto ang inaprubahang DHHS na pagsasanay ng TBI bago magbigay ng Pansamantalang pamamahinga.
- E. Ang mga tagapagbigay ng Pansamantalang pamamahinga sa Loob ng Tahanan ay kinakailangang magkaroon ng isang gumagana na electronic visit verification (EVV) na sistema na nagpapahintulot sa pag-check-in at pag-check-out ng mga pagtatakda sa serbisyo sa elektronikong paraan.
- F. Ang mga tagapagbigay ng pansamantalang pamamahinga sa Loob ng Tahanan ay kinakailangang magkaroon ng sapat na kasanayan sa kompyuter at pag-access sa teknolohiya para sa EVV system.
- G. Ang mga tagapagbigay ng pansamantalang pamamahinga na ibinibigay sa labas ng tahanan ng kalahok ay kinakailangang tiyakin na ang kanilang tahanan o ang pasilidad ay madaling maabot, ligtas para sa kalahok, at sumusunod sa mga pamantayan na itinakda ng Tuntunin sa Mga Huling Pagkakatakda para sa mga pagkakatakda na pag-aari at pinapatakbo ng tagapagbigay. Dapat din itong ma-dokumento taun-taon kasama ang kanilang Resource Developer (RD).

Mga Singil

- A. Ang mga singil para sa mga indibidwal na mga tagapagbigay ay itinakda ng DHHS at maaaring magbago taon-taon.
- B. Ang mga singil para sa mga tagapagbigay ng ahensiya ay itinalaga batay sa bawat indibidwal na tagapagbigay sa pamamagitan ng isang proseso ng negosasyon sa pagitan ng tagapagbigay at ng RD.
 1. Ang mga presyo ay tinitingnan taun-taon sa oras na ang taunang kasunduan ng tagapagbigay ay naka-iskedyul na matapos.
 2. Ang mga tagapagbigay ng ahensya ay maaaring humiling ng muling pag-uusap kapag tumaas ang pangangailangan ng pag-aalaga ng isang kalahok.
 3. Ang negosasyon ng babayaran ay isinasaalang-alang ang antas ng pangangailangan ng serbisyo ng kalahok, antas ng kasanayan ng tagapagbigay, at heograpiikal na lokasyon.

- 
4. Ang mga singil ay itinatakda batay sa mga karaniwan at nakasanayang singil na hindi hihigit sa halaga na sisingilin ng tagapagbigay sa isang pribadong nagbabayad na indibidwal.
- C. Ang dalas ng serbisyo ay batay sa oras o araw, depende sa lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo.
1. Ang serbisyo sa bahay ay sinisingil bawat oras.
 2. Ang serbisyo sa labas ng tahanan ng kalahok ay maaaring ibinayad ayon sa oras o araw.
 - a. Ang anim o higit pang oras ng serbisyo na ibinibigay sa labas ng bahay ng kalahok ay kailangang bayaran ayon sa arawang singil, maliban na lamang kung hindi inaalok ng tagapagbigay ang opsyon na ito sa mga pribadong nagbabayad na pamilya.